**Ryan Cezar O. Alcarde**\TAGTUYOT AT IBA PANG MGA TULA

# Tagtuyot

*Maburak a bitis ing awus kareng kayabe kanita*
—*Ka Aba*

Sa bayan ng buhangin, may lalaking
nakatanaw sa lilim ng matandang bakuran.
Binibilang niya ang mga buto
ng acaciang idinuduyan ng amihan.

Nakasampay pa sa may kawayanan
sa gilid ng patay na sapa ang gulanit niyang damit.
Inaalikabok sa isang sulok ng kubo
ang sampares na bota.

Sa dulo ng tigang na palayan at maisan,
sa likod ng natutulog na Arayat, hinihintay niya
ang pagbabagong-kulay ng mga ulap,
ang paglipat ng direksyon ng hangin,
ang lihim na mata ng unos.

Mainit ang lupa sa bayan ng buhangin.
Hinahanap ng kalyuhin niyang paa ang putik.



likhaan 13 inside pages 102419.indd 165 10/25/2019 2:07:13 PM

# Mga Ibon

Nakatanghod ang mga ibon
sa tarangkahan ng imbakan,
nakikisiksik sa pagitan
ng mga katawang pagal
sa maghapong pagpila.
Naghihintay ang mga tukang
nakatikom, pakpak
na nakatiklop, habang
marahang kinakaskas
ng mga paa ang alikabok,
nanuyong mga damo,
bukbok, ipa, bato.
Hinihintay na mahulog
ang puting butil mula
sa tastas ng sako, butas
ng plastik, o siwang
ng mga daliring kinapos
ang salop ng bigas.
Bilang lamang
ang kanilang bawat
pagyuko, pagkatuka'y
muli ring papagaspas.



likhaan 13 inside pages 102419.indd 166 10/25/2019 2:07:13 PM

# Drowing

Tinimbang kong muli
kung gaano kagaan
ang mga linyang
nagiging malalaking
bundok, sinukat gaano
kapino ang mga tuldok
na umaagos sa malawak
na parang, sa bawat hibla
ng damong hinabi
at inilatag ngayon
sa aking harapan.
Dito ako naidlip.
Hanggang mamalayang
pinalabo ng malimit
na pang-aapuhap
ang pirma sa gilid
ng larawan.
Kinuha ko ang bolpen.
Sinundan ng tinta
ang nakaukit
nang mga bakas
at iginuhit sa alaala
ang isang lumang
pangalan.



likhaan 13 inside pages 102419.indd 167 10/25/2019 2:07:13 PM

likhaan 13 inside pages 102419.indd 168 10/25/2019 2:07:13 PM



# Orkid

Sa tuwing pinagmamasdan
kang nanunuyot kasama
ng nagkulay-abong lumot sa pader
ng pinaglumaang bakuran,
naiisip ko ang gubat.

Kay lawak ng lawang
maaaring idilig sa sugat
ng mga ugat mong pilit
binunot mula sa puno ng pino.
Kay lamig ng hamog
na maaaring ikumot
sa mga dahong sinunog
ng maghapong
pagkabilad sa araw.

Hindi mo ba maalala
ang maingat na pag-akay
sa iyo ng hangin noong bubot pa
ang mga talulot?
Singtingkad na nila
ngayon ang apoy
na sa iyo'y unti-
unting
tumutupok.

# Ka Geary

Tumatangis
ang Sierra Madre
sa ilog ng Labi,
binubuhos ang tubig
na titigib sa mga
nanuyong paligi.
Sa linang na muling
pumipintig,
sa dibdib ng
lupang kinabuwalan,
sa marka ng huli
mong paghalik,
dito kami muling
maghuhulip.



likhaan 13 inside pages 102419.indd 169
10/25/2019 2:07:13 PM

likhaan 13 inside pages 102419.indd 170 10/25/2019 2:07:13 PM



# Makata

Nang hindi na tumutugma
ang mga balita sa radyo,
at humapon na ang mga ibon
mula sa pulpito, hinanap ko
ang mga lihim na linya
sa iniingatang mga libro

Binigkas isa-isa
ang mga salita
upang balutin sa liyab
ang mga pahina, pilasin
ang dilim sa marikit
na ningas ng mga alipato,
hanggang maging abo

Tulad ng pader sa piitan
ng isang matandang hangal,
tulad ng lumabong tinta
sa liham ng binatang nagsulat
ng huling tula matapos
ang huling tula.

Nilisan ko ang bakurang
walang baong kung anuman
liban sa abuhing pilas
na may ngalan ng lugar
na aking paroroonan.

Ito na marahil ang kabayaran
ng aking pananalinghaga.
Ito na marahil ang paniningil
ng aking mga tula.
Ang muling pagyakap
ng papel sa lupa.



likhaan 13 inside pages 102419.indd 171 10/25/2019 2:07:13 PM